

Kahalagahan at Pag-iingat sa Paggamit ng Self Priming Pumps

Ano ang priming?

Ang priming ay isang importanteng proseso kung saan nilalagyan ng fluid o tubig ang mismong pump para maalis ang hangin sa loob ng pump at magkaroon ng seal sa pagitan ng impeller at pump casing.

Bakit importante ang priming bago gumamit ng pump?

Kapag tumatakbo ng tuyo ang isang pump, pwede ito maging dahilan upang hindi maabot ng pump ang kinakailangan na pressure.

Ang isang tuyong pump ay pwedeng mag-overheat at maging dahilan ng pagkasira ng impeller, seal, at bearings.

Ito ay makakatulong upang ma-lubricate at mapalamig ang mga internal components ng pump.

Nakakatulong upang mapaganda ang efficiency ng pump, mapababa ang energy consumption, at mabawasan ang wear and tear sa mga components.

Paano isagawa ang priming ng isang centrifugal pump?

1

Ikabit ng maayos at i-secure ang mga valves at connectors

2

Buksan ang suction valve at siguraduhin na walang mga nakaharang

3

Lagyan ng fluid o tubig ang loob ng pump

4

Isara ang vent valve na makikita sa itaas ng pump casing

5

Paandarin ang pump. Ang natitirang hangin sa loob ng pump ay itutulak palabas sa discharge port at ito ay mapapalitan ng fluid o tubig

Ang priming ay hindi na kinakailangan ng mga pump na may self priming mechanism. Subalit hindi lahat ng pagkakataon ay hindi kailangan isagawa ang priming sa isang self-priming na pump. May mga bagay na kailangan bantayan para masiguro hindi masira agad ang isang self-priming pump.

Iwasan patakbuhan ang self-priming pump ng tuyo o walang fluid ang loob ng pump. Ilan sa mga halimbawa ay kung ang pump ay bagong bili lamang kaya wala itong laman na fluid o kung ang pump ay naiwan nakabilad sa arawan kaya ito natuyuan ng fluid o tubig. Kung ganito ang sitwasyon maigi na isagawa ang priming sa mga ganitong pumps.

Tingnan kung ang pump ay may leak. Ang leak ay pwede maging sanhi ng problema para sa self-priming mechanism ng pump. Ito ay pwede rin maging dahilan ng pagkasira ng ibang components ng pump tulad ng motor.

Panatilihin ang regular na maintenance ng pump. Siguraduhin na walang problema sa impeller, seal, at sa suction at discharge line.


Ang mga Self Priming Pumps na inaalok ng Mega SK Industrial Corporation



MODEL	KT-50 2 x 2	KT-80 3 x 3	KT-100 4 x 4
Outlet / Inlet Size (inches)	2	3	4
Flow (m ³ /h)	20 / 30	50 / 55	75 / 80
Lift Head (m)	17 / 20	16 / 20	15 / 18
Matched Power (kW/hr)	1.5kW—4 pole	2.2kW—4 pole	4kW—4 pole
Dimension (cm)	26 x 41 x 31	28 x 42 x 37	30 x 42 x 40
Weight (kg)	19.5	24.5	29
Speed (rpm)	1450 / 2600		
Spare Type	Mechanical Seal		



MODEL	NS-50 2 x 2	NS-80 3 x 3	NS-100 4 x 4
Inlet/Outlet Size (mm/in)	50 / 2	80 / 3	100 / 4
Max. Flow (m ³ /h)	45	85	115
Max. Head (m)	35	27	29
Power (kW/HP)	3 / 4	4 / 6	5.5 / 8
Rated Flow (m ³ /h)	30	78	102
Rated Head (m)	17	25	20
Rated Power (kW/HP)	1.5 / 2	4 / 5	4
Speed (rpm)	2200		
Suction (m)	8		
Spare Type	Mechanical Seal		
Dimension (cm)	25 x 38.5 x 32.5	28 x 42 x 36	30 x 48 x 40
Weight (kg)	23.5	32.7	43.3



MODEL	SU-50 2 x 2	SU-80 3 x 3	SU-100 4 x 4
Outlet / Inlet Size (mm)	50	80	100
Max. Output (HP)	5.5	6.5	9
Speed (rpm)	3600		
Displacement (Q. Max)	25	40	130
Lifting H. Max (m)	36	36	25
Suction (m)	7	7	6
Dimension (cm)	36 x 21.5 x 23	39 x 24.5 x 24.5	344 x 28 x 29
Weight (kg)	9.5	11.85	15.8